

# Handa ka na ba sa Bahay-aralan?: Pagsipat sa Sitwasyon ng mga Mag-aaral sa Senior High School

Asia Pacific Journal of  
Management and  
Sustainable Development  
Vol. 10, No. 3, pp. 166-173  
September 2022  
Lumina Special Issue  
ISSN 2782-8557

Cristina D. Macascas<sup>1</sup>, Dorothy J. Naval<sup>2</sup>, Lita A. Bacalla<sup>3</sup>

Philippine Normal University, Manila<sup>1,2</sup>; Cebu Normal University<sup>3</sup>  
macascas.cd@pnu.edu.ph<sup>1</sup>, naval.dj@pnu.edu.ph,<sup>2</sup>  
lolita\_bacalla@yahoo.com.ph<sup>3</sup>

*Date Received: November 15, 2021; Date Revised: February 1, 2022*

## Abstract –

*Sinipat sa pag-aaral na ito ang kahandaan ng mga mag-aaral sa senior high sa pagbubukas ng taong panuruan 2020 – 2021. Ang pananaliksik ay kuwalitatibo. Ginamit sa pag-aaral ang deskriptibong pamamaraan at kinalap ang datos sa pamamagitan ng e-sarbey. Isang daan at labing-apat (114) ang lumahok sa sarbey na nagmula sa iba't ibang lugar sa bansa. Aninnapu't apat sa kanila ay nasa baitang 11 samantalang limampu naman ang nasa baitang 12. Batay sa nakalap na datos, 82 kalahok ang may smartphone samantalang 7 ang walang anumang magagamit para sa online class. May mga mag-aaral na bumili na ng mga kakailanganin sa pag-aaral, samantalang may iba na nag-iipon pa para makabili. Aninnapung porsiyento (60%) ang sumagot na sila ay may internet samantalang ang iba ay gumagamit ng mobile data. Lahat ng kalahok ay tumugon na may kasabay sila sa paggamit ng internet. Malaking bilang ng mga mag-aaral (88.6%) ang nagsabing Facebook at Messenger ang alam nilang gamiting platform para sa online flexible learning. Sa kabilang banda, may mga mag-aaral na modyul ang gagamitin sa taong ito. Sa kabuoan, inihanda ng mga mag-aaral ang kanilang kaisipan, pangangatawan, at kapaligiran upang makatugon sa bagong kadawyan. Iminumungkahi ng mga mananaliksik na magkaroon ng susog sa pag-aaral na nakatuon sa aktuwal na danas ng mga mag-aaral sa online flexible learning.*

*Mga susing salita: bagong kadawyan, e-sarbey, online class, online flexible learning, modyul*

*This study examined the readiness of senior high students at the opening of the school year 2020-2021. The research is qualitative. The study used a descriptive method and data were collected through e-survey. One hundred and fourteen (114) participants from the survey came from various parts of the country. Sixty-four of them are in grade 11 while fifty are in grade 12. Based on the data gathered, 82 participants have smartphones while 4 do not have anything available for the online class. Some students have already purchased gadgets, while others are still saving to buy. Sixty percent (60%) answered that they have internet while others use mobile data. All participants responded that they had concurrent internet use. A large number of students (88.6%) said Facebook and Messenger were the only platforms they knew to use for online flexible learning. On the other hand, there are student who choose modules to be used this year. Overall, the students prepared their mind, body, and environment for the new normal. Researchers suggest to study students' actual experience of online flexible learning.*

*Key words: e-survey, module, new normal, online class, online flexible learning*

## PANIMULA

Disyembre 2019 nang malaman ang kaso ng *viral pneumonia* sa Wuhan, People's Republic of China. Kalaunan ay nagkaroon ng *outbreak* mula sa novel coronavirus [6]. Enero 2020 nang imbestigahan ang kauna-unahang kaso ng COVID-19 sa mag-asawang Tsino na nagbabakasyon lamang sa bansa [2]. Pagkatapos ng dalawang buwan, lumutang ang kaunahang-unahang lokal na transmisyon ng *virus* sa Pilipinas. Dahil sa Code Red na estado, inirekomenda ng Kagawaran ng Kalusugan sa Tanggapan ng Pangulo ng Pilipinas ang pagdedeklara ng *Public Health Emergency* upang mapadali ang mobilisasyon ng resorses at proseso, maging ang *logistic* at pagkuha ng

mga suplay na kinakailangan sa pagtugon sa sitwasyong pangkalusugan [3].

Kasunod nito ang pagdedeklara ng *community quarantine* sa Metro Manila mula Marso 15 – Abril 14, 2020. Nakapaloob sa kautusang ito ang suspensiyon ng klase sa lahat ng antas, pagbabawal sa pagtitipon ng maraming tao, pagpapatupad ng *flexible work arrangement* sa mga tanggapan ng pamahalaan at iba pa [4]. Sinundan ang deklarasyong ito ng *enhanced community quarantine* sa buong Luzon mula Marso 17 – Abril 13, 2020 [5]. Lumawig pa ng ilang buwan ang *quarantine* hanggang sa naglabas ang pamahalaan ng iba't ibang estado ng *quarantine* batay sa lagay ng COVID-19 sa bawat lugar o rehiyon.

Hindi nagkaroon ng pormal na pagtatapos ang taong panuruan 2019-2020 dahil sa pagsasara ng mga paaralan. At naging malaking agam-agam ang pagbabalik sa paaralan ng mga estudyante para sa taong panuruan 2020-2021. Ang pagbabagong ito sa kapaligiran ay naging daan upang mabilisan at sapilitang magpalit sa *emergency remote teaching and learning* bilang tugon sa pandemiya. Ang Sulong EduKalidad, programa ng Kagawaran ng Edukasyon, ay hindi nagpatinag sa COVID-19. Kailangang ipagpatuloy ang pagtuturo at pagkatuto sa kabila ng malaking pagsubok sa pamamagitan ng *Basic Education Learning Continuity Plan in the Time of COVID 19* (BE-LCP) [6]. Upang ito ay matamo, kailangan ang sapat na pagbabahagi ng kaalaman mula sa mga pinuno, guro, magulang at iba pang *stakeholder* sa pagpapatupad ng isang programa [7]. Ang mga payo mula sa mga eksperto maging ang pagkakaisa at suporta ng pang-akademiyang komunidad ay natunghayan para sa paghahanda at pagtuturo sa bagong kadawyan.

Kaugnay nito, ang Kagawaran ng Edukasyon ay naglabas ng Kautusang Pangkagawaran Blng. 12 s. 2020 na *Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020-2021 in Light of the COVID-19 Public Health Emergency* [8]. Ito ay gabay sa pagpapatuloy ng edukasyon sa panahon ng pandemiya at pagtugon sa mga hamon ng bagong kadawyan sa edukasyon. Saklaw ng kautusang ito ang mahahalagang kahingian at pangangailangan ng edukasyon sa panahon ng pandemiya. Kabilang dito ang mga *protocol* sa kalusugan at kaligtasan, Pinakamahahalagang Kasanayang Pampagkatuto o *Most Essential Learning Competencies* (MELCs), at iba't ibang modalidad sa pagtuturo at pagkatuto.

Maaaring isa o kombinasyon ng mga modalidad ang maaaring gamitin sa paaralan. Depende rin ito sa mga paghihigpit kaugnay ng COVID-19 at tiyak na konteksto ng mga estudyante sa paaralan o lokalidad. Ang mga modalidad na maaaring gamitin ay *face-to-face learning*, *distance learning*, *blended learning* at *home schooling*. Sa *face-to-face learning* (F2F), ang guro at estudyante ay pisikal na nasa loob ng silid-aralan. Ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay nangyayari sa parehong petsa at oras. Kailangang ipatupad ang pisikal na distansiya at istriktong pagsunod sa *health and safety measures* ng IATF. Sa *distance learning* na tinatawag ding *remote teaching*, ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto ay nagaganap habang heograpikal na magkalayo ang guro at estudyante. Ang estudyante ay bibigyan ng mga kagamitang pampagkatuto na kaniyang pag-aaralan

nang mag-isa o sa patnubay ng kaniyang magulang, tagapagbantay, o awtorisadong tagapagpadaloy ng pagkatuto bukod sa guro. Ang *distance learning* ay may tatlong uri: *modular distance learning* (MDL), *online distance learning* (ODL), at *TV/ radio-based instruction* (TVBI/RBI). Ang MDL ay *individualized instruction* kung saan ang mga estudyante ay gagamit ng *Self-Learning Modules* (SLMs) na nasa anyong digital (offline) at nakalimbag o printed. Sa ODL naman, ang guro ay tagapagpadaloy ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto habang aktibong nakikilahok sa talakayan ang mga estudyante sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang gadyet, *technology-mediated platforms*, at akses sa internet. Maaari itong *synchronous* o *asynchronous*. Gagamit ito ng Learning Management System (LMS) tulad ng Edmodo, Google Classroom, at Schoology at iba pang Learning Resource (LR) Portal gaya ng DepEd Commons at Learning Resources Management and Development System (LRMDS). Sa ilang pribadong paaralan, gagamitin ang zoom para sa kanilang *online classes*. Samantala para sa *TV/ radio-based instruction* (TVBI/RBI), gagamitin ang telebisyon at radyo bilang instrumento ng pagtuturo at pagkatuto sa paghahatid ng kaalaman at karunungan. Gayon man, hindi ito maaaring gamitin nang mag-isa lamang, nangangailangan ito ng gabay ng SLMs at iba pang modalidad sa pagtuturo. Ang *blended learning* ay kombinasyon ng alinmang katangian ng F2F at DL: F2F at MDL, F2F at ODL, F2F at TVBI/ RB, at F2F at alinmang kombinasyon ng iba pang uri ng DL. Ang mga modalidad na ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mga paaralan na malimitahan ang *face-to-face learning*, pagtitiyak sa pisikal na distansiya, at pagbawas sa bilang ng mga taong lumalabas ng kanilang tahanan. Panghuli, ang *home schooling* ay isang alternatibong moda ng pagkatuto kung saan ang mga estudyante ay may akses sa pormal na edukasyon habang nasa kanilang tahanan. Ang mga magulang, tagapangalaga, pribadong guro o tutor na sumailalim sa mga pagsasanay ang siyang awtorisadong tagapagpadaloy ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Gumagamit ito ng alinman o kombinasyon ng iba't ibang modalidad sa pagtuturo at pagkatuto.

Sa kabilang banda, ang *online learning* ay hindi bagong modalidad ng pagtuturo at pagkatuto. Ang bago ay sapilitan at malawakang paggamit nito bilang tugon sa krisis. At dahil sa pagbabagong ito, maraming pag-aangkop o pagsasaayos ang dapat gawin para sa mga guro at estudyante. Sa nakalap na datos ng DepEd mula sa Learner Enrollment and Survey Form (LESF), 8.8M na mga magulang ang gusto ng *modular*. Samantala,

3.9M ang gusto ang *blended*, 3.8M ang para sa *online*, 1.4M ang nais ang Educational TV, 900K para sa *radio based* na pagtuturo at humigit-kumulang kalahating milyon ang gusto ng iba pang modalidad. Sa kabilang banda, inihayag din ng LESF na 395,743 estudyante mula sa pribadong paaralan at SUCs/LUCs ang lumipat sa mga pampublikong paaralan [9].

Sa puntong ito, napakahalagang malaman ang pasiya ng mga magulang sa pipiliing modalidad para sa kanilang mga anak. Mahalaga itong salik sa gagawing paghahanda ng pamunuan at ng mga guro ng mga paaralan. Isa pa, sa anumang uri ng modalidad na gagamitin, mahalagang isaalang-alang ang mga salik sa pagpili ng modalidad sa pagtuturo. Una, *risk severity grading / IATF Policy*, kung ang guro at estudyante ay pinapayagang pumunta sa paaralan at *physical distancing*. Pangalawa, ang konteksto ng paaralan - kalagayang pangkalusugan ng mga guro, kahandaan ng mga punongguro at superbisor sa pagpapatupad at pamamahala ng paggamit ng iba't ibang modalidad sa pagtuturo, pagkakaroon ng *learning resources* (LR) o mga materyal, at kahandaan ng mga guro sa paggamit ng iba't ibang modalidad sa pagtuturo. Panghuli, ang konteksto ng estudyante - kalikasan ng mag-aaral (iba't ibang interes, pangangailangan, kakayahan, at kalagayan sa buhay), akses sa LR at teknolohiya (*gadgets, technology-mediated platforms, at internet*), kapasidad at kakayahan para *self-directed LRs* at *independent learning*, at suporta mula sa tahanan, paaralan, at komunidad [8].

Sa isang artikulong isinulat ni Malindog-Uy, sinabi niyang ang layuning ito ng DepEd na patuloy na magbigay ng kalidad na edukasyon sa bawat estudyante sa bansa sa pamamagitan ng *blended learning* bagaman may banta ng covid-19 ay kahanga-hanga. Dagdag pa niya, isang makabuluhang hangarin ang paglinang ng kaalaman at kasanayan sa gitna ng pandemiya [10]. Kaya naman napakahalagang malaman ang kahandaan ng mga estudyante kaugnay nito.

#### LAYUNIN NG PAG-AARAL

Ang CoVid-19 na maituturing na isang penomenon ay nagpatigil sa galaw ng mga tao at ng iba't ibang sektor kabilang na ang edukasyon. Layunin ng pag-aaral na ito na malaman ang kahandaan ng mga estudyante sa bagong sistema ng pagtuturo at pagkatuto sa bagong kadawyan

#### MGA KAGAMITAN AT PAMAMARAAN

Ang pag-aaral na ito ay isang kuwalitatibong pananaliksik na ginamitan ng deskriptibong disenyo.

Ang deskriptibong disenyo ay nagbibigay ng larawan ng isang sitwasyon sa natural na paraan [11]. Ginamit ito upang malaman ang kahandaan ng mga estudyante sa bagong sistema ng pagtuturo at pagkatuto. Upang makakalap ng sapat na datos, inihanda ang deskriptibong sarbey na pinabalideyt sa tatlong eskperto mula sa akademiya. Laman ng sarbey ang mga tanong kaugnay ng iba't ibang paghahanda kaugnay ng bahay-aralan. Maaari din silang pumili ng higit sa isang sagot mula sa mga talang ibinigay at / o magbigay ng iba pang sagot. Dagdag pa sa balidasyon ang pagpapasagot ng sarbey sa ibang pangkat bago ito ipinamahagi bilang e-sarbey. Ito ay ipinamahagi sa pamamagitan ng *google form* at ipinadala sa sari-sariling *messenger*. Ang sarbey ay isinagawa dalawang buwan bago ang opisyal na pagbubukas ng klase. Ang pagsagot sa sarbey ay nangangahulugang pagsang-ayon na maging bahagi ng pananaliksik.

#### RESULTA AT PAGTALAKAY

Ang bahaging ito ay naglalaman ng pagtalakay at pagsusuri sa naging resulta ng e-sarbey.

Talahanayan 1. Kalahok sa Pag-aaral

Kasarian	Bilang	Porsiyento
Babae	41	36%
Lalaki	73	64%
Kabuoan	114	100%

Ang kalahok sa pag-aaral ay binubuo ng isandaan at labing-apat (114) na estudyante. Tatlumpu't anim na porsiyento (36% o 41) nito ay mga babae at animapu't apat na porsiyento (64% o 73) ay mga lalaki.

Talahanayan 2. Baitang ng mga Estudyante

Baitang	Bilang	Porsiyento
11	64	51.1%
12	50	43.9%
Kabuoan	114	100%

Ang mga kalahok sa pag-aaral ay estudyante ng Senior High School (SHS). Animapu't apat (64 o 51.1%) ang nasa ikalabing-isang baitang at limampu naman (50 o 43.9 %) ang nasa ika-labing-dalawang baitang.

Talahanayan 3. Kategorya ng Paaralan

Kategorya	Bilang	Porsiyento
Pribado	27	23.7%
Pampubliko	87	76.3%
Kabuoan	114	100%

Dalawampu't pitong estudyante (27 o 23.7%) ang nagmula sa pribadong paaralan samantalang walumpu't pito (87 o 76.3 %) naman ang nagmula sa pampublikong paaralan.

Talahanayan 4. Lokasyon ng mga Kalahok

Aspeto	Bilang
National Capital Region (NC)	18
Rehiyon 1	1
Rehiyon 3	1
Rehiyon 4A CALABARZON	4
Rehiyon 7	37
Rehiyon 8	53
Kabuoan	114

Anim na rehiyon ang lumahok sa pag-aaral. Ito ay binubuo ng mga sumusunod: limampu't tatlo mula sa ikawalong rehiyon, tatlumpu't anim mula sa ikapitong rehiyon, labingwalo mula sa NCR, apat mula sa CALABARZON, at tag-isa mula sa una at ikatlong rehiyon. Pinakamalaking bilang ng kalahok ang nagmula sa Rehiyon 8 na 46.5%. Samantala, pinakakaunti ang Rehiyon 1 at 3 na kapuwa may 0.90%.

Talahanayan 5. Mga Kagamitang Mayroon na sa Bahay para sa Online Classes

Kagamitan	Bilang	Porsiyento
Cable TV	31	27.2%
Non-cable TV	8	7%
Basic cellphone	38	33.3%
Smart phone	82	71.9%
Tablet	12	10.5%
Radyo	20	17.5%
Desktop computer	10	8.8%
Laptop	37	32.5%
Speaker	17	14.9%
Wala	4	3.5%

Pinakamarami ang sumagot ng smartphone, ikalawa ang basic cellphone, at ikatlo ang laptop. Ang mga ito ang pangunahing kagamitan sa pag-aaral sa bagong kadawyan. Kasama rin dito ang paggamit ng desktop computer at tablet. Ang iba pang kagamitan ay ang mga sumusunod: cable TV, radio, speaker, at non-cable TV. Samantala, apat sa mga estudyante ang walang kahit na ano sa mga nabanggit na kagamitan para sa online class. Ayon sa artikulong isinulat ni Obana, ang pinakamalaking hamon sa transisyon sa *online* na pagkatuto ay ang paglawak ng hindi pagkakapantay-pantay sa akses at paggamit ng *information and communications technology (ICT)* [12].

Talahanayan 6. Mga Kagamitang Binili para sa Online Learning

Kagamitan	Bilang	Porsiyento
Cable TV	3	2.6%
Non-cable TV	0	0%
Basic cellphone	13	11.4%
Smart phone	38	33.3%
Tablet	3	2.6%
Radyo	1	0.9%
Desktop computer	3	2.6%
Laptop	15	13.2%
Ring light	3	2.6%
Microphone	1	0.9%
Earphone	16	14%
Speaker	3	2.6%
Camera	1	0.9%
White board	5	4.4%
Green cloth	0	0%
Wala	51	44.7%

Sapagkat nakararami ang bilang ng mayroon ng mga kagamitan para sa *online class*, limampu't isa sa mga kalahok ang tumugon ng **wala**. Sa mga naghahanda pa lamang, karamihan ay bumili ng mga pangunahing kagamitan tulad ng *smartphone*, *basic cellphone*, at *laptop*. Kinailangan ding magdagdag ng mga sumusunod na kagamitan: *earphones*, *whiteboard*, *desktop computer*, *speaker*, *ring light*, *cable TV*, *tablet*, *radio*, *microphone*, at *camera*. Dalawa sa mga estudyante ang walang gamit para sa *online class* ngunit hindi pa rin nakabili bilang paghahanda. Ayon kay Malindog-Uy, ang pagbili ng tamang teknolohiya tulad *software* at *hardware* para sa *blended learning* ay magastos para sa mga magulang at maging sa gobyerno [10].

Talahanayan 7. Koneksiyon o Akses sa Internet

Tugon	Porsiyento
Mayroon	64%
Wala	36%
Kabuoan	100%

Animnapu't apat na porsiyento ang tumugon na sila ay may koneksiyon sa internet samantalang tatlumpu't anim na porsiyento naman ang nagsabing sila ay walang koneksiyon sa internet. Ayon kay Obana, maraming Pilipino ang hindi kayang makabili ng maayos na *internet connection* [12]. At kung mayroon mang akses ay nakararanas naman ng problema sa *internet speeds* batay sa lokasyon o rehiyong kinabibilangan. Makikita mula sa datos na karamihan sa mga estudyante ay may kakayahang makapag-aral gamit ang *online class*. Ang walang akses sa internet ay makapag-aaral pa rin gamit ang *modular method*.

Talahanayan 8. Mga Paraan para Makakonekta sa Internet

Kagamitan	Bilang	Porsiyento
Sariling broadband internet (DSL, wireless fiber, satellite )	40	35.1%
Sariling mobile data	76	66.7%
Computer shop	5	4.4%
Iba pang lugar maliban sa tahanan na may internet connection (paaralan, barangay / municipal hall, kapitbahay, kamag-anak)	10	8.8%

Malaking bahagdan ng mga estudyante ang gumagamit ng *sariling mobile data* at sumunod dito ang paggamit naman ng sariling broadband – DSL, wireless fiber, at satellite. Ang iba ay sa *computer shop* o sa Wifi Piso Net nakikiakses ng internet at sa iba pang lugar maliban sa tahanan na may *internet connection* tulad ng paaralan, barangay/municipal hall, kapitbahay at kamag-anak. Ang dalawang estudyante na walang gamit para sa *online class* ay wala ring *internet connection* batay sa mga nabanggit na paraan ng pag-connect sa internet. Ayon kay Malindog-Uy, ang mga mahihirap na estudyante ang higit na apektado sa *online class* dahil mahal ang *internet subscriptions* kung ihahambing sa ibang bansa [10]. Dagdag pa rito ang matagal na serbisyo ng *internet providers* at mabagal na *internet connection or lack of bandwidth*. Sa isang pag-aaral na isinagawa ng Asia Foundation, taong 2018, apatnapu't limang porsiyento (46M katao) ang walang akses sa internet at pitumpu't apat na porsiyento sa mga pampublikong paaralan sa bansa ang walang sariling *internet connection* [13].

Talahanayan 9. Bilang ng Kasama sa Bahay na Makakasabay sa Paggamit ng Internet

Bilang ng maaaring makasabay sa paggamit ng internet	Frequency
1	11
2	24
3	20
4	12
5	11
6	8
7	7
8	1
9	1
10	3

Ang paggamit ng internet nang sabay-sabay ay makaapekto sa bilis ng *connectivity*. Kaya naman, tinanong ng mga mananaliksik ang bilang na maaaring makasabay ng mga estudyante sa paggamit ng internet. Ayon kay Encabo, Pilipinas ang isa sa may pinakamabagal na internet sa buong mundo [14]. Taong 2017, nasa ikapitumpu't apat na puwesto ang Pilipinas sa pitumpu't pitong bansa sa 4G internet speed. Noong 2020, nasa ikalabing-isang puwesto naman ang Pilipinas sa may pinakamabagal na mobile *internet speed* sa buong mundo. Labingtatlo sa mga estudyante ang nagsabing wala silang makakasabay sa kadahilanang sila lamang ang gagamit ng internet. Karaniwan na 2 o 3 lamang ang maaaring makasabay ng estudyante sa paggamit ng internet sa kanilang tahanan.


Talahanayan 10. Aplikasyon na Alam Gamitin

Aplikasyon	Bilang	Porsiyento
G Suite/ Google classroom	55	48.2%
Microsoft Teams	21	18.4%
Schoology	6	5.3%
Facebook	100	87.7%
Edmodo	15	13.2%
Moodle	9	7.9%
Zoom	38	33.3%
IReady, Science A-Z	1	0.9%
Canvas	1	0.9%
UST cloud campus	1	0.9%
Blackboard	1	0.9%

Ayon sa pag-aaral nina Roddy at mga kasama, mahalagang matutuhan ng mga estudyante ang matalinong paggamit ng teknolohiya, makabuluhang pakikipag-ugnayan sa *learning environment* at pangangasiwa sa sariling pagkatuto [15]. Ang paggamit ng Learning Management System o LMS tulad ng Google classroom, Moodle, Blackboard learn, at Canvas ay kailangan para sa mga aktibidad na ginagawa sa *online class*. Mula sa sarbey, malaking bilang ng mga estudyante ang nagsabing Facebook at Messenger ang alam nilang gamiting *platform* para sa *online learning*. Sinundan ito ng GSuite at mga apps nito tulad ng Google classroom at Google meet. Mayroon ding gumagamit ng Edmodo at Schoology. Samantala, ang mga gamit para sa *video conferencing* tulad ng Zoom at Microsoft Teams ay higit na mataas kung ihahambing sa Moodle.


Makikita na naman sa mga sumusunod na dayagram ang iba pang paghahanda ng mga estudyante, guro at paaralan para sa bahay-aralan.

Dayagram 1. Mga Hakbang na Ginawa ng Paaralan Upang Ihanda ang mga Estudyante



Upang ihanda ang mga estudyante, nagsagawa ng oryentasyon sa bagong sistema ng pagtuturo, pagsasanay sa LMS, at *simulation*. At upang maging epektibo ang *distance online learning*, nauna ng inatasan ng DepEd ang mga guro na dumalo sa mga *webinar series* na naglalayong maihanda ang mga estudyante sa bagong sistema ng pagtuturo [8]. Tulad ng pag-aaral nina Rapanta at mga kasama, ang pagtuturo at pagkatuto ay nagpapahiwatig ng *pedagogical content knowledge* o PCK, na nakapokus sa pagpapalano at pagsasaayos ng mas naaayon na mga gawain at karanasan sa pag-aaral sa tulong ng teknolohiya [16]. Ayon kay Arinto, maliban sa kasanayang may kinalaman sa teknolohiya, higit na kailangan ang kasanayan sa pagdidisenyo ng mga gawaing pampagkatuto, estratehiya sa pagtuturo, at pagtataya [17].


Dayagram 2. Kailangang Tugunan ng Paaralan para sa Maayos na Pagtuturo at Pagkatuto



Ayon sa mga estudyante, may ilan pang kailangang tugunan ang paaralan para sa maayos na pagtuturo at pagkatuto: paghahanda ng mga kagamitan sa pagtuturo tulad ng *printed modules*, *hand-out* at

*recorded lecture* na may sapat na panuto o direksiyon. *Link* kung saan madaling maakses ang mga gawain sa *asynchronous mode*, malakas na *internet connection* sa *synchronous mode*, at iba pang gadyet na kailangan. Ayon kay Obana, sa pagsisikap na maitawid ang pagtuturo *online* at *offline* gamit ang iba't ibang *multimedia teaching modes* ay magiging karaniwan na ang *live broadcasts*, *prerecorded (on-demand) content* at programang pang edukasyon sa *broadcast media* [12].

Dayagram 3. Mga Hakbang na Ginawa Upang Ihanda ang Sarili



Kasabay ng pagbabago sa sistema ng pagtuturo ay ang pagbabago sa paraan ng pagkatuto. Kung kaya, mahalaga na maihanda ang sarili. Para sa kahandaang kapaligiran, sila ay naglaan ng *learning space* sa bahay-aralan at bumili ng gadyet. Ang kahandaang pangkaisipan at pangangatawan ay sinusugan ni Malindog-Uy. Ayon sa kaniya, ang pagbabago sa pag-iisip (*mindsets*) at gawi ng mga guro at estudyante ay isa sa mga hamon na dapat tugunan [10]. Halimbawa nito ang pagtanggap sa katotohanan ng bagong sistema ng pagtuturo at pagbabasa o pagpapalawak ng kaalaman. Ang ilan naman ay nagkaroon ng pagbabago sa *body clock* at natutulog na ng maaga. Kasama rin dito ang pagpapaunlad ng kakayahang teknolohikal at paghahandang pinansiyal, tulad ng pagtitipid para makabili ng load, data, o wifi.

Dayagram 3. Kakayanin Ba?



Hati ang opinyon ng mga estudyante sa bagong sistema. Ilan sa mga tumugon ng oo ang nagsabing ito ay nakasalalay sa guro. Sa pag-aaral nina Roddy at mga kasama, ang presensiya ng mga guro ay nananatiling kritikal na salik sa anumang paraan ng *online learning* [15]. Ayon naman kay Malindog-Uy, isa sa mga salik upang maitawid ang *distance learning* ay ang suporta ng mga magulang [10]. Bagaman ito ay sasabay sa kanilang paghahanapbuhay at iba pang gawain, kinakailangan ang pagtulong o hindi naman kaya ay pagmonitor sa kanilang mga anak. Sa isang pahayag (Teacher Rivera), na isinulat ni Pamaran “*slow internet connection is probably the worst enemy of online classes*” [18]. Hindi ito lingid sa kaalaman ng lahat dahil sa *third world ICT amenities and infrastructures* ng bansa. Sa kabila ng maraming salik, nakahihigit pa rin ang mga bentaha kaysa sa hindi. Lalo na kung may masidhing pagtutulungan sa iba’t ibang sektor, idagdag pa ang matibay na pagnanasa sa bahagi ng pamahalaan at DepEd.

#### KONGKLUSYON AT REKOMENDASYON

Sa kabuoan, nalaman sa pag-aaral na ang pangunahing salik na makaaapekto sa pag-aaral ng mga estudyante ang *connectivity*. Kasama rin dito ang paggamit ng teknolohiya at iba pang kasanayan. Pangalawa, ang mga guro ang susi upang magtagumpay ang pagtuturo at pagkatuto sa bagong kadawyan. Panghuli, inihanda ng mga estudyante ang kanilang kaisipan, pangangatawan, at kapaligiran upang makatugon sa pagtuturo at pagkatuto sa bagong kadawyan.

Matapos ang taong panuruan sa ilalim ng iba’t ibang modalidad, ano naman ang mga karanasan ng mga mag-aaral at guro sa bagong kadawyan? Mga pag-aaral na nakatuon sa implementasyon at repleksiyon ang naging rekomendasyon ng papel na ito. Kabilang ang sumusunod:

1. Magsagawa ng susog na pag-aaral upang malaman at masuri ang kalagayan ng mga estudyante sa bagong kadawyan.

2. Magsagawa ng pag-aaral sa modalidad ng pagtuturo na pinili ng mga estudyante para sa taong panuruan 2020-2021.

3. Magsaliksik ng mga salik na maaari pang makaimpluwensiya sa pagtuturo at pagkatuto sa bagong kadawyan.

4. Magsagawa ng mga pag-aaral sa maaaring maging transisyon sa sistema ng pagtuturo at pagkatuto.

Asahan na ang *online* at *distance learning* na pagtuturo at pagkatuto ay magiging palagian kahit

matapos na ang pandemiya. Tulad ng pahayag ni Obana, sa mundo kung saan maraming sakuna, kalamidad at pagkagambala, mahalagang maipagpatuloy ang *distance education* [12]. Ito man ay dahil sa kagipitan o *emergency*, o di kaya ay isang mekanismo para sa mga hindi inaasahang pangyayari tulad ng kalamidad o pandemiya, na mag-oobliga sa mga guro at mga estudyante na manatili sa tahanan upang magturo at mag-aral.

#### SANGGUNIAN

- [1] Timeline: WHO's COVID-19 response URL: [https://www.who.int/emergencies/diseases/novel-coronavirus-2019/interactive-timeline?gclid=EAIaIQobChMIqOek9umD7gIVQU5gCh19VwF8EAAYAiAAEgIlufD\\_BwE#!](https://www.who.int/emergencies/diseases/novel-coronavirus-2019/interactive-timeline?gclid=EAIaIQobChMIqOek9umD7gIVQU5gCh19VwF8EAAYAiAAEgIlufD_BwE#!), Setyembre 1, 2020.
- [2] Edrada, E.M., Lopez, E.B., Villarama, J.B., Salva Villarama, E.P., Dagoc, B.F., Smith, C. Sayo. A.R.,...Solante, R.M. *First COVID-19 infections in the Philippines: a case report* URL: <https://www.ncbi.nlm.nih.gov/pmc/articles/PMC7154063/> 20; 48: 21. Setyembre 1, 2020.
- [3] Cordero, T. DOH recommends declaration of public health emergency after COVID-19 local transmission URL: <https://www.gmanetwork.com/news/news/nation/728715/doh-recommends-declaration-of-public-health-emergency-after-covid-19-local-transmission/story/>, Setyembre 1, 2020.
- [4] Covid-19 public advisory no. 7: on the announcement of community quarantine in Metro Manila due to the covid-19 outbreak URL: <https://www.philembassy.no/newsroom/covid-19-public-advisory-no-7-on-the-announcement-of-community-quarantine-in-metro-manila>, Setyembre 1, 2020.
- [5] Philippines: enhanced community quarantine URL: <https://globalcompliancenews.com/enhanced-community-quarantine-ph-covid19-25032020/>, Setyembre 1, 2020.
- [6] Basic Education Learning Continuity Plan in the time of COVID 19 (BE-LCP): [https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/07/DepEd\\_LCP\\_July3.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/07/DepEd_LCP_July3.pdf)
- [7] Favila, S. A., Erfe, J. P., Pimentel, M. M., Naval, D. J., Rabina, M. G., Macascas, C. D., Castro, L. A., & Agustin, M. (2019). UGNAYAN: A Proposed Knowledge Sharing Model for Senior High School Work Immersion Program. The

- Normal Lights Journal on Teacher Education, 10(2).
- [8] Adoption of the Basic Education Learning Continuity Plan for School Year 2020-2021 in the Light of the COVID-19 Public Health Emergency: [https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/06/DO\\_s2020\\_012.pdf](https://www.deped.gov.ph/wp-content/uploads/2020/06/DO_s2020_012.pdf)
- [9] Official Statement on LESF: <https://www.deped.gov.ph/2020/07/30/official-statement-on-lesf/>
- [10] Malindog-Uy, A. R. (2020, June). “Blended learning” in virus-hit Philippines. The ASEAN Post. <https://theaseanpost.com/article/blended-learning-virus-hit-philippines>
- [11] Schmidt, N.A. & Brown J.M. (Eds) (2012). Evidence-based practice for nurses: appraisal and application research/, 2nd Ed. Canada : Jones & Bartlett Learning.
- [12] Obana, J. (2020, May). What will schools look like under the ‘new normal’? Grant Thornton Philippines. <https://www.grantthornton.com.ph/insights/articles-and-updates/1/from-where-we-sit/what-will-schools-look-like-under-the-new-normal/>
- [13] The Asia Foundation Releases Report on Emerging Internet Technologies and Policy in the Philippines: <https://asiafoundation.org/2018/10/17/the-asia-foundation-releases-report-on-emerging-internet-technologies-and-policy-in-the-philippines/>
- [14] Philippines: Why online classes are anti-poor. (2020, May 30). The Defiant. <https://thedefiant.net/philippines-why-online-classes-are-anti-poor/>
- [15] Roddy, C., Amiet, D. L., Chung, J., Holt, C., Shaw, L., McKenzie, S., Garivaldis, F., Lodge, J. M., & Mundy, M. E. (2017). Applying best practice online learning, teaching, and support to intensive online environments: An integrative review. *Frontiers in Education*, 2. <https://doi.org/10.3389/educ.2017.00059>
- [16] Rapanta, C., Botturi, L., Goodyear, P., Guàrdia, L., & Koole, M. (2020). Online University teaching during and after the COVID-19 crisis: Refocusing teacher presence and learning activity. *Postdigital Science and Education*, 2(3), 923-945. <https://doi.org/10.1007/s42438-020-00155-y>
- [17] Arinto, P. B. (2016). Issues and challenges in open and distance E-Learning: Perspectives from the Philippines. *The International Review of Research in Open and Distributed Learning*, 17(2). <https://doi.org/10.19173/irrodl.v17i2.1913>
- [18] Pamaran, M. D. (2020, April). Education post-covid-19 will be largely virtual—but is the Philippines ready? ABS-CBN News. <https://news.abs-cbn.com/ancx/culture/spotlight/04/23/20/education-post-covid-19-will-be-largely-virtualbut-is-the-philippines-ready>

#### COPYRIGHTS

Copyright of this article is retained by the author/s, with first publication rights granted to APJEP. This is an open-access article distributed under the terms and conditions of the Creative Commons Attribution license (<http://creativecommons.org/licenses/by/4>).